



Ilegal na magsunog ng kahoy habang may Winter Spare the Air Alert.

Siguraduhin bago magsunog o mag-siga.



Tumawag sa 1-888-4NO-BURN
(1-877-466-2876)

Mag-sign up para sa awtomatikong abiso sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-430-1515



Bumisita sa sparetheair.org o baaqmd.gov

Makipagkonekta sa amin sa Facebook o Twitter



Mag-sign up para sa awtomatikong email na abiso sa pamamagitan ng pagbisita sa sparetheair.org

Mula Nobyembre 1 hanggang sa katapusan ng Pebrero, ang paggamit ng mga fireplace, mga pellet stove, mga wood stove, fireplace insert at outdoor fire pit ay ilegal kapag ang kalidad ng hangin ay inaasahan na umabot sa hindi mainam sa kalusugan na mga antas. Araw-araw sa pagsapit ng 2 p.m., ang Air District ay magpapalabas ng forecast ng kalidad ng hangin para sa susunod na araw. Kung ang forecast ng kalidad ng hangin ay hindi mainam sa kalusugan, magbibigay ng isang Winter Spare the Air na Alerto, at ipagbabawal ang pagsusunog sa kahoy buong maghapon ng susunod na araw, sa loob ng 24 oras.



Ang usok na mula sa kahoy ay ang #1 pinagmumulan ng polusyon sa hangin kapag winter



Ang 1 sa 7 mga residente sa Bay Area ay may kondisyon sa paghinga

Mga Epekto sa Kalusugan ng Pagsunog ng Kahoy

Ang usok mula sa mga fireplace na pinagsusunugan ng kahoy at mga stove ay naglalaman ng mga maliliit na particle na maaaring manatili sa hangin at ganoon na lamang kaliit na ang natural na dipense ng ating mga katawan ay hindi maaaring-filter out ang mga ito. Sa halip, nalalanghap natin ang mga ito sa loob ng ating mga baga, at maaaring makapasok ang mga ito sa daloy ng ating dugo. Ang malamig at hindi nagbabagong kondisyon ng lagay ng panahon kapag winter ay maaaring maging sanhi ng polusyon na mula sa pagsunog sa kahoy na manatiling malapit sa lupa at ma-ipon sa mga hindi ligtas na antas, na nagpapahirap huminga sa mga tao na may hika at iba pang mga sakit sa baga. Ang usok na mula sa kahoy ay nauugnay sa mga sakit tulad ng hika, bronkitis at sakit sa baga, at nakakapinsalang lalo na para sa mga bata at mga matatanda.

PARA MAPAREHISTRO ANG ISANG REKLAMO SA PAGSUSUNOG NG KAHOY:

- Magpunta sa www.baaqmd.gov/complaints
- Tumawag sa 1-877-4NO-BURN

www.sparetheair.org/winter